# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 14, 2023, LUNES, IKA-10:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

RELEASED
NAME
DATE 08/29/23
TIME 4:20
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED
29 AUG 2023
SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 342-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG BARANGAY PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 95-T2023 / KAUTUSAN BLG. 05-T2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P553,796.00 MULA SA SURPLUS 2022 UPANG ILAAN PARA SA CONSTRUCTION OF DRAINAGE CANAL (PHASE 2) (P292,509.00) AT CONSTRUCTION OF CANAL WITH COVER (PHASE 3) (P261,287.00) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Patimbao na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 95-T2023 / Kautusan Blg. 05-T2023 na may kabuuang halagang P553,796.00 mula sa Surplus 2022 upang ilaan para sa Construction of Drainage Canal (Phase 2) (P292,509.00); at Construction of Canal with Cover (Phase 3) (P261,287.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Lea A. Almarvez (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat na mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet ng Sangguniang Barangay ng Patimbao, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 95-T2023 / Kautusan Blg. 05-T2023 na may kabuuang halagang P553,796.00 mula sa Surplus 2022 upang ilaan para sa Construction of Drainage Canal (Phase 2) (P292,509.00); at Construction of Canal with Cover (Phase 3) (P261,287.00) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 14, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

8/29/23
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

081723332